

**Pangalan ng Kandidato:** Alexis Mercedes Rinck

**Pangalan ng Kampanya:** Alexis para sa Seattle

**Website ng Kampanya:**alexisforseattle.com

**Posisyon sa Lungsod:** 8

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** 206-705-9305

May karanasan sa pagsuporta sa mga serbisyong pantao at mga polisiya sa kalusugang pampubliko, pagdidirekta ng mga plano sa pagtugon sa biglaang pagkawala ng tirahan, at paghubog ng patakaran sa pananalapi at pagbabadyet sa Unibersidad ng Washington, magdadala ako ng kinakailangang kasanayan sa Konseho ng Lungsod upang palawakin ang abot-kayang pabahay na dapat mayroon tayo, ang mga ligtas na komunidad na nararapat sa ating lahat, aksyon upang tulungan ang mga taong nasa krisis, at mga pamumuhunan sa komunidad na nagpapabuti sa pagkakapantay-pantay at pagkakataon.

Nag-ugat ang aking pangako sa serbisyo sa personal na karanasang ibinahagi ng napakarami sa Seattle ngayon. Ipinanganak ako sa naghihikaos na mga batang magulang, at pinalaki ng aking mga lolo at lola. Humarap ang aking pamilya mga traumatikong siklo ng pagkakakulong, paggamit ng ipinagbabawal na gamot, at pagkawala ng tahanan. Nagpapasalamat ako na nagkaroon ako ng suporta sa aking komunidad na nagbigay sa akin ng landas tungo sa tagumpay– at gusto kong matiyak na magkakaroon ang lahat ng kabataan sa Seattle ng parehong mga pagkakataon.

Handa akong dalhin sa Konseho ng Lungsod ang aking may kaalamang pananaw at pagnanasa para sa mga resulta at maging boses para sa lahat ng tao sa Seattle. Nahaharap tayo sa mga agarang hamon na nangangailangan ng mga bagong ideya, lakas, at pamumuno. Gamit ang iyong mga voucher at boto, bubuo ako sa aking rekord ng adbokasiya at aksyon para sa isang Seattle na abot-kaya, kalugud-lugod, at nangunguna para sa isang mas magandang kinabukasan.

*Nakikilahok ang kandidatong ito sa Programang Democracy Voucher.*



**Pangalan ng Kandidato:** Saunatina Annaca Sanchez

**Pangalan ng Kampanya** Saunatina para sa Seattle

**Website ng Kampanya:** info@saunatinaforseattle.com

**Posisyon sa Lungsod:** 8

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** 803-272-8628

Pinalaki ako sa Holly Park at Yesler Terrace ng aking masipag magtrabahong ama, ng aking may kapansanang ina, at ng isang komunidad ng mga kapitbahay habang tumutulong ako sa pagpapalaki ng aking mga nakababatang kapatid. Ang aking pagkahilig sa imprastraktura at pagpaplano ng lungsod ay pinasimulan ng mga karanasang sa pamumuhay sa pampublikong pabahay at paggamit ng King County Metro.

Ako'y inendorso ng Transit Riders Union, kung saan aking kasamang itinatag ang Workgroup ng mga Serbisyong Bus at Transit. Ako'y nakipagtulungan sa iba't ibang mga grupo upang palawakin ang imprastraktura ng bisikleta at transit kaagapay ng Cascade Bicycle Club, itinaguyod ang isang Opisina ng Renter Standards sa pamamagitan ng Seattle Renter Organizing Council, at nanindigan para sa demokrasya sa board ng Liga ng Mga Kababaihang Botante--SKC.

Kapag pinag-aaralan ang batas, ang tanong ko: "Ano ang layunin? Sino ang nakikinabang? Sino ang nasasaktan?"

Aking sinusuportahan ang I-137, pagpapanahon ng mga batas sa pagsona upang lumikha ng higit na maraming tirahan para sa mga pamilya, at pakikipagsosyo sa mga tagapagbigay ng pabahay upang ipagpatibay ang mga kasunduan para sa karapatan-sa-pabahay.

Haharapin natin ang $200 milyon na kakulangan sa badyet nang hindi sinasakripisyo ang kapakanan ng Seattlelite sa pamamagitan ng progresibong daloy ng kita tulad ng Jumpstart at pagpapatibay ng bagong rentas internas tulad ng buwis sa Capital Gains.

Aking bibigyan tuon ang mga serbisyong pambuliko, tulad ng 24/7/365 na mga banyo sa mga parke, upang ligtas na ma-access ng lahat ang kultura ng lungsod.

Sa Konseho ng Lungsod, dadalhin ko ang pakikipagtulungan, pag-iisip na ma-detalye para iugnay ang mga departamento at lumikha ng isang makapantay na Seattle para sa lahat.

*Nakikilahok ang kandidatong ito sa Programang Democracy Voucher.*



**Pangalan ng kandidato:** Tanya Woo

**Pangalan ng Kampanya:** Kaibigan ni Tanya Woo

**Website ng kampanya:** tanyawooforseattle.com

**Posisyon sa Lungsod:** 8

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** 206-657-6679

Kumusta! Ako si Tanya Woo, na ikinararangal na maglingkod bilang iyong hinirang na Miyembro ng Konseho ng Lungsod ng Seattle.

Ang Seattle ang habambuhay kong tahanan. Ang aking pamilya ay nandayuhan dito noong 1887, at ako ay lumaki sa Beacon Hill. Ngayon, nakatira ako sa Rainier Beach, malalim na nakikisangkot sa komunidad ng Chinatown/International District. Saanman ako dinala ng trabaho ko sa Seattle, isang hilig ang nananatiling pareho: ang pagtataguyod ng boses ng mga mahihina.

Sa kasamaang palad, sa loob ng maraming taon, pinabayaan ng pamunuan ng Seattle ang pinakamahina. Ang krimen ay lubhang nakakaapekto sa ating mga lugar na may pinakamababang kita, at ang hindi napigilang epidemya ng fentanyl ay kumikitil ng mga buhay sa ating mga kapitbahay na walang bahay. Bilang iyong Miyembro ng Konseho, uunahin ko ang pagpopondo para sa mga napatunayang solusyon at titiyakin na ang ating mga unang tagatugon, kabilang ang mga pangkat ng kalusugan at tagapagpatupad ng batas, ay ganap na may tauhan.

Ang mga kumplikadong isyu ay nangangailangan ng mga hands-on na solusyon. Mula sa pangunguna sa mga patrol ng Community Watch hanggang sa pag-oorganisa laban sa diskriminasyon sa lahi, pagtatayo ng pabahay ng mga manggagawa, at maging sa pangangasiwa sa Narcan sa mga lansangan, gumawa ako ng direktang aksyon. Karapat-dapat ka sa mahabagin, pragmatiko, masipag na pamumuno na nauunawaan ang ating mga pinakamahihirap na komunidad. Araw-araw, nagsusumikap akong magdala ng mga hands-on na solusyon sa Konseho ng Lungsod at tuparin ang pangakong iyon sa ating mga nasasakupan.

Ako si Tanya Woo, at mapagpakumbaba kong hinihiling ang iyong boto – at ang iyong mga voucher.

*Ang kandidatong ito ay nakikilahok sa Democracy Voucher Program.*



**Pangalan ng Kandidato:** Tariq Yusuf

**Pangalan ng Kampanya:** Tariq para sa Konseho

**Website ng Kampanya:** tariqforcouncil.org

**Posisyon sa Lungsod:** 8

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** 206-395-9356

Ang kwento ko ay isang kwento sa Seattle. Ipinanganak sa isang Indonesian na ama at Amerikanong ina; Nakita ko ang pagbabago at paglago ng rehiyon sa nakalipas na dalawang dekada. Lubos na umasa ang aking mga magulang sa mga kritikal na programang panlipunan ng estado at lungsod tulad ng Seattle Housing Authority. Tinulungan nila kaming maiwasan ang kawalan ng tirahan at bumuo ng matagumpay na buhay. Natapos ko ang aking edukasyon sa Unibersidad ng Washington, nanguna sa isang matagumpay na karera sa industriya ng teknolohiya, at nagsimula ng sarili kong pamilya. Sa kabila ng kanilang paghihirap, pinalaki ako ng aking mga magulang na may prinsipyo ng empatiya, pakikiramay, at katarungan; mga prinsipyong inaasahan kong maihatid sa konseho ng lungsod.

Posible ang aking pangarap sa Amerika; ngunit nagiging lalong mahirap ang paglalakbay na iyon para sa mga pamilya ngayon. Hindi na maa-access ang mga serbisyong panlipunan na naging dahilan upang maabot ang aking kuwento. Nais kong baguhin iyon.

May mahalagang papel ang pamahalaan ng lungsod sa ating buhay; bilang miyembro ng konseho ng lungsod, plano kong itaguyod ang mga taong tulad ng aking mga magulang, na nakaranas ng isang suweldo na lang at mawawalan na ng tahanan. Plano kong magbigay-pabalik sa lungsod na ito sa pamamagitan ng walang humpay na pagtataguyod para sa pagkakapantay-pantay, katarungan, at pakikiramay, pagtulong sa pinakamahihina sa lipunan, at pangakong tulungan ang lahat para makabuo tayo ng isang nagkakaisang komunidad.

*Nakikilahok ang kandidatong ito sa Programang Democracy Voucher.*